# Kung Kayo Ay May Sariling Negosyo

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Pagbabayad ng buwis sa Social Security at Medicare | 1 |
| Mga kredito sa pagtatrabaho | 2 |
| Pagtatantiya ng inyong netong kinita | 2 |
| Opsiyonal na pamaraan | 3 |
| Paano mag-ulat ng kita | 3 |
| Mga sitwasyon ng pampamilyang negosyo | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Ang karamihan ng mga taong nagbabayad ng Social Security ay namamasukan sa isang tagapag-empleyo. Binabawas ng kanilang tagapag-empleyo ang buwis ng Social Security sa kanilang suweldo, tinutumbasan ang kontribusyong ito at pinadadala ang mga buwis sa Internal Revenue Service (IRS) at iniuulat ang sinahod sa Social Security. Subali't ang mga taong may sariling pangkabuhayan ay dapat magbigay-ulat tungkol sa kanilang kita at magbayad ng buwis deretso sa IRS.

Kayo ay tinuturing na may sariling pangkabuhayan kapag nagpapatakbo ng isang kalakal, negosyo o propesyon, nag-iisa man kayo o bilang isang kasosyo. Iniuulat ninyo ang inyong kita sa Social Security tuwing nagpa-file kayo ng pederal na income tax return. Kung ang inyong netong kita ay $400 pataas bawa't taon, dapat ninyong iulat ang inyong kita sa Schedule SE, bukod sa ibang mga pormularyo sa buwis na dapat ninyong i-file.

## Pagbabayad ng buwis sa Social Security at Medicare

Kung nagtatrabaho kayo para sa isang maypagawa, kayo at ang inyong maypagawa ay nagbabayad ng 6.2 porsiyentong buwis sa Social Security sa hanggang $128,400 ng inyong kita at 1.45 porsiyentong Medicare tax sa lahat ng inyong kita. Kung nagtatrabaho kayo para sa inyong sarili, kakailanganin ninyong bayaran ang halagang binabayad ng empleyado at ng maypagawa - 12.4 porsiyentong buwis sa Social Security sa hanggang $128,400 ng inyong net earnings (kita pagkatapos ng mga kaltas) at 2.9 porsiyentong Medicare tax sa lahat ng inyong net earnings. Kung ang inyong earned

income ay higit sa $200,000 ($250,000 para sa mga mag-asawang sama-samang nagfa-file), kailangan ninyong magbayad ng karagdagang 0.9 posiyentong buwis sa Medicare.

May dalawang pagbabawas ng buwis sa kita na magpapababa ng inyong buwis.

Una, ang inyong netong kita mula sa sariling pangkabuhayan ay binabawasan ng kalahati ng halaga ng inyong buwis sa Social Security. Ito ay katulad ng paraan kung paano itinuturing ang mga empleyado sa ilalim ng batas ng buwis, sapagkat ang bahagi ng taga-empleyo sa buwis sa Social Security ay hind tininuturing na sahod ng empleyado.

Pangalawa, maaari ninyong ibawas ang kalahati ng inyong buwis ng Social Security sa IRS Form 1040. Ngunit ang pagbawas ay dapat kunin sa inyong kabuuang kita sa pagkalkula ng inyong adjusted na kabuuang kita. Hindi maaari ang pagtatala ng itemized na bawas at hindi dapat itala sa inyong Schedule C.

Kayo ay hindi papayagang bumawas ng anumang karagdagang bahagi ng buwis ng Medicare na magkakabisa nitong buwisang taon. Kung kayo ay may sahod at kumikita rin sa sariling pangkabuhayan, ang buwis sa inyong sahod ang unang binabayaran. Subalit ang tuntuning ito ay akma kung ang kabuuan ng inyong kita ay hihigit sa $128,400. Halimbawa, kung kayo ay sasahod ng $30,000 at kikita ng $40,000 mula sa inyong sariling pangkabuhayan sa taong 2018, babayaran ninyo ang angkop na buwis sa Social Security sa parehong sahod at kita sa kabuhayan. Ganoon pa man, sa 2018, kung ang inyong sahod ay $87,700 at kayo ay kumita ng netong $40,900 mula sa negosyo, hindi kayo magbabayad ng dobleng buwis saSocial Security sa mga kitang higit sa $128,400. Ibabawas ng inyong taga-empleyo ang 7.65 porsiyento na buwis sa Social Security at Medicare mula sa inyong kitang $87,700. Kailangan kayong magbayad ng 15.3 porsiyento na buwis sa Social Security at Medicare sa inyong unang $40,700 na kita sa sariling pangkabuhayan at 2.9 porsiyento na buwis sa Medicare sa nalalabing netong kita na $200.

## Mga kredito sa pagtatrabaho

Kinakailangan kayong nakapagtrabaho at nakabayad ng buwis sa Social Security nang partikular na haba ng panahon upang tumanggap ng benepisyo sa Social Security. Ang kinakailangang haba ng panahon ng inyong pagtatrabaho ay batay sa petsa ng inyong kapanganakan, nguni't walang sinuman ang nangangailangan ng higit sa sampung taong pagtatrabaho (40 na kredito).

Sa 2018, kung ang inyong netong kita ay $5,280 pataas, makakamit ninyo ang maximum na apat na kredito sa isang taon — isang kredito para sa bawat kinitang $1,320 para sa taon. Kung ang inyong netong kita ay mas mababa sa $5,280, maaari pa rin kayong magkamit ng kredito gamit ang opsiyonal na paraan na ilalarawan sa bandang huli nitong fact sheet.

Lahat ng inyong kinita na saklaw ng Social Security ay gagamitin naming sa pagkalkula ng inyong benepisyo sa Social Security, kaya mahalagang maiulat ninyo ang lahat-lahat ng kita, alinsunod sa batas.

## Pagtatantiya ng inyong netong kinita

Ang mga netong kinita para sa Social Security ay ang inyong kabuuang kita mula sa inyong kalakal o negosyo, menos ang pinahihintulutang pagbabawas sa kalakal at depresasyon.

Ang ilang mga kita ay hindi kabilang sa Social Security at hindi dapat isama sa pagtantiya ng inyong netong kita:

- Mga dibidendo mula sa parte sa stocks at interes sa mga bond, maliban kung natanggap ninyo ang mga ito bilang isang komersiyante sa stocks at securities;
- Interes sa mga pautang, maliban kung ang inyong negosyo ay pagpapautang ng pera;
- Upa mula sa lupain, maliban kung kayo ay komersiyante sa real estate o regular na nagbibigay-serbisyo sa kaginhawahan ng nakatira; o

- Kita na natanggap mula sa isang maytakdang sosyohan.

## Opsiyonal na pamaraan

Kung ang inyong aktuwal na netong kita ay mas mababa sa $400, ang inyong kita ay mabibilang pa rin sa Social Security alinsunod sa opsiyonal na paraan ng pag-uulat. Magagamit ninyo ang opsiyonal na paraan kung mayroon kayong kita sa pagsasaka, ibang kita na di ugnay sa pagsasaka or kombinasyon sa dalawa. Maaari lamang ninyong gamitin ang opsiyonal na paraan nang limang beses sa inyong buong buhay kung mag-uulat ng kita na di-ugnay sa pagsasaka. Walang limit sa paggamit ng opsiyonal na pamaraan sa pag-ulat ng kita sa pagsasaka. Ganito ang paggamit nito:

- Kung ang inyong kabuuang kinita sa sariling pangkabuhayan ay di tataas sa $7,800 o ang inyong netong kita sa pagsasaka ay mas mababa sa $5,631, maiuulat ninyo ang dalawang-katlo (2/3) ng inyong kabuuang kita sa pagsasaka (di bababa sa 0) or $5,280; o
- Kung ang inyong netong kita sa sariling pangkabuhayang di-ugnay sa pagsasaka ay mas mababa sa $5,631 at mas mababa rin ng 72.189% sa inyong kabuuang kita na di-ugnay sa pagsasaka, at mayroon kayong netong kita galing sa sariling pangkabuhayan na di-bababa ng $400 sa dalawa sa nakaraang tatlong taon.
- Maaari ninyong gamitin ang parehong kaparaanan sa pagsasaka at sa di-ugnay sa pagsasaka na pag-uulat at maaari ninyong i-ulat ang mas mababa kaysa inyong aktuwal na netong kita galing sa sariling pangkabuhayang pagsasaka at di-ugnay sa pagsasaka, ngunit hindi ninyo maaring i-ulat ang mas mababa sa inyong aktuwal na netong kita galing pangkabuhayang di-ugnay sa pagsasaka lamang. Kapag gagamitin ninyo ang parehong paraan sa pagkalkula ng netong kita, hindi kayo puweding mag-ulat ng mas mataas sa $5,280.

Espesyal na paunawa: Kung kayo ay isang magsasaka, maari ninyong gamitin ang opsiyonal na paraan ng pag-uulat bawat taon. Hindi kinakailangang nakamit ng aktuwal na netong kita na hindi bababa sa $400 sa nakaraang taon. Dagdag pa, ang mga halaga ng ibang kabuuang kita sa pagsasaka, ang netong kita sa pagsasaka at di-ugnay sa pagsasaka ay maaaring magbabago sa bawa't taon.

Ang IRS Publikasyon Blg. 334 ng IRS, *Tax Guide for Small Business*, at IRS Schedule SE and Instructions ay may karagdagang nakatutulong na impormasyon. Makikita ninyo ang mga ito sa ***www.irs.gov*** o tumawag sa **1-800-829-4933**.

## Paano mag-ulat ng kita

Dapat ninyong kumpletuhin ang mga sumusunod na pormularyo ng pederal na buwis sa ika-15 ng Abril pagkatapos ng anumang taon na mayroon kayong netong kinita na $400 pataas:

- Form 1040 (*U.S. Individual Income Tax Return)*
- Schedule C (*Profit or Loss from Business*) o Schedule F (*Profit or Loss from Farming*) kung naaayon; at
- Schedule SE (*Self-Employment Tax*).

Makukuha ninyo ang mga pormularyong ito sa website ng IRS sa ***www.irs.gov***. Ipadala ang ulat ng buwis at ang nakatakdang bayarin kasama ang inyong buwis para sa may sariling pangkabuhayan sa IRS.

Kahit na wala kayong utang na anumang buwis sa kita, dapat ninyong kumpletuhin ang Form 1040 at Schedule SE upang magbayad ng buwis ng Social Security para sa may sariling pangkabuhayan. Ito ay dapat ninyong gawin kahit na tumatanggap na kayo ng mga benepisyo sa Social Security.

## Mga sitwasyon ng pampamilyang negosyo

Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring magkatuwang sa pagpatakbo ng negosyo. Halimbawa, ang mag-asawa ay maaaring maging magkasosyo o magpatakbo ng pinagsamang negosyo (joint venture). Kung kayong dalawa ay magkasamang nagpapatakbo ng isang negosyo bilang magkasosyo, bawat isa sa inyo ay dapat mag-ulat ng inyong bahagi sa kinikita ng negosyo bilang netong kita sa magkahiwalay na ulat para sa may sariling pangkabuhayan (Schedule SE), kahit na magpa-file kayo ng magkasamang income tax return. Ang mga magkasosyo ay dapat magpasya sa halaga ng netong kita na dapat iulat ng bawat isa (halimbawa, 50 porsiyento at 50 porsiyento). Gayundin, ang mag-asawa na parehong malaki ang partisipasyon sa pinagsamang negosyo at magkasamang nagpa-file ng ulat ay maaaring magpasyang sila ay patawan ng buwis bilang isang kwalipikadong pinagsamang negosyo sa halip na isang sosyohan. Ang bawat isa ay dapat mag-file ng magkahiwalay na Schedule C o C-EZ.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang my Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa

dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10022-TL | January 2018
Kung Kayo Ay May Sariling Negosyo
If You Are Self-Employed (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito